

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL

GRADE 1 - Esp



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

Edukasyon sa Pagpapakatao Unang Baitang

Job S. Zape, Jr.

PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Philips T. Monterola & Nichole Aubrey Jane M. Sevidal
Content Creator & Writer

Philips T. Monterola & Philip D. Cruz
Internal Reviewer & Editor

Ephraim L. Gibas, Jeewel L. Cabriga, Harry M. Monzon & Jhucel A. del Rosario
Layout Artist & Illustrators

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Roy Rene S. Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

Pagiging Masunurin at Magalang

Aralin

I

Ang batang masunurin at magalang ay biyaya ng Diyos sa magulang. Maituturing na biyaya mula sa Panginoon ang pagkakaroon ng anak na masunurin at magalang.

Ikaw ba ay magalang at masunuring bata? Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sila ba ay nagpapakita ng paggalang at pagiging masunurin?



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay makapagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagiging masunurin at magalang. Ilan sa mga ito ay ang pagsagot kaagad kapag tinatawag ng kasapi ng pamilya, at pagsunod nang maluwag sa dibdib kapag inuutusan, pagsunod sa tuntuning itinakda ng tahanan at paaralan.

D

Alam mo ba na mas maituturing na malaking biyaya sa pamilya ang pagkakaroon ng masunurin at magalang na anak. Kinalulugdan ng Diyos ang batang masunurin at magalang.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa iyong sagutang papel, iguhit muli ang mga parisukat. Kulayan ng pula kung ang bawat pahayag ay nagpapakita ng pagiging masunurin at paggalang. Kulay berde namankung hindi.


- 1. Inay, ako na po ang maghahatid ng pagkain kina Aling Susan.
- 2. Po. Narito na po Itay.
- 3. Gusto kong maglaro. Bakit ninyo ako pinagbabawalan?
- 4. Ma'am, ayoko pong sumunod sa inyo. Hindi ko naman po kayo nanay.
- 5. Kuya, hindi naman ikaw si Tatay. Bakit mo ako inuutusan?

Kahanga-hanga! Natukoy mo ang unang tatlong bilang sa unang gawain na nagpapakita ng pagiging masunurin at magalang.


Ang pamilyang mayroong anak na masunurin at magalang ay regalo mula sa langit.

Ang pagiging masunurin at magalang ay mga kagandahang asal ng mga Filipino. Ang mga ito ay dapat mong paunlarin at pagyamanin.


Paano mo ba ito maipakikita? Basahin at unawain ang kuwento ng mga sumusunod na bata.



Ako si Hannah.
Ako ay masunurin at magalang. Ako ay sumasagot agad kapag ako ay tinatawag ng aking mga magulang at kapatid.



Ako si John.
Ako ay masunurin at magalang. Ako ay masaya at sumusunod agad tuwing ako ay inuutusan.



Ang Magalang at Masunuring si Dominic Savio

Si Dominic Savio ay ipinanganak sa isang mahirap na pamilya. Siya ay pangalawa sa labindalawang magkakapatid. Ang kaniyang tatay ay isang panday.



Siya ay namuhay nang simple. Ginagawa niya



ang kaniyang mga gawaing bahay nang buong husay at higit sa inaasahan. Dahil tinandaan niya ang sabi ni Don Bosco sa kaniya, “Ikaw ay maaaring maging banal kung masigasig mong gagawin ang mga ordinaryong bagay o gawain ng higit sa isang

ordinaryong paraan.”

Isang araw ay tinawag siya ng kaniyang tatay.



“Dominic, anak, nasaan ka?” Dalidaling sumagot si Dominic, “Tatay, narito po ako sa kuwarto. Ako po ay nagdarasal.” “Anak, mahuhuli ka na sa klase mo. Malayo pa ang lalakaran mo”, paalala ng kaniyang tatay. “Opo, Tatay. Paalis na po,” magalang na tugon ni Dominic.

Pagkarating niya sa paaralan ay nadatnan niyang nag-aaway ang dalawa niyang kaklase. Kinausap niya ang dalawa at sinabihan, “Hindi ito tama. Bawal tayong mag-away sabi ng ating guro.” Ngunit galit na galit pa rin sila sa bawat isa. Kaya inawat na sila ni Dominic. Itinaas niya ang kaniyang dala-dalang **crucifix** at sabay sinabing, “Kung nais ninyong saktan ang isa’t isa ay ako muna at si Kristo ang inyong saktan.” Sila ay nabigla at napatigil. Mula noon ay naging malapit na silang magkakaibigan.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Mula sa kuwentong iyong binasa, lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng mga pahayag na nagpapakita ng pagiging masunurin at paggalang. Lagyan naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. “Tay, narito po ako sa kuwarto. Ako po ay nagdarasal.”
2. “Opo, itay. Paalis na po.”
3. Ginagawa niya ang kaniyang mga gawaing bahay nang buong husay at higit sa inaasahan.

4. Hindi ito tama. Bawal tayong mag-away sabi ng ating guro.
5. Pagkarating niya sa paaralan ay nadatnan niyang nag-aaway ang dalawa niyang kaklase.

Mahusay! Natukoy mo ang mga kilos na nagpapakita ng pagiging masunurin at paggalang. Ngayon naman ay inaasahan na mas mapalalim mo pa ang iyong pagkaunawa sa aralin.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Suriin ang usapan sa bawat larawan. Piliin ang letra na nagpapakita ng pagiging masunurin at paggalang. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

A Anak, halika. Anak, narinig mo ba ako? Halika saglit!

B Anak, pakiwalisang ating sala.
Opo, inay. Ako na po magwawalis.

C Bawal manood ngayon ng TV dahil may klase kayo.
"Opo, itay."

D Mga bata, magsi-CR lang si Ma'am ha. Bawal umalis sa upuan.

E Anak, pakibigyan ng tubig ang kapa-tid mo.
Inay, si ate na lang po ang utusan ninyo.

F Anak, nasaan ka?
Po, Itay. May iutos po ba kayo?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ipakita o isagawa ang bawat sitwasyon sa tulong at gabay ng iyong magulang o guardian.

Tagubilin sa Gabay: Kopyahin ang talaan sa ibaba sa sagutang papel. Basahin at ipagawa sa mag-aaral ang mga sitwasyon sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung paano naisagawa ang mga sitwasyon. Isulat ang

Sitwasyon	Maayos na naisagawa	Hindi naisagawa
1. Tinawag ka ng ate mo para tumulong sa paglilinis ng bahay.		
2. Inutusan ka ng tatay mo na iligpit ang mga kumot at unan sa kuwarta.		
3. Pinagbawalan kang humawak ng cellphone nang buong araw.		
4. Pinagbawalan kang lumabas ng bahay buong araw.		
5. Inutusan ka ng nanay mo na suklayin ang kaniyang buhok.		

Pangalan at Lagda ng Nagsuri


Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, buoin ang sulat ng pangako. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mahal kong Nanay at Tatay,

Ako po ay nangangako na mula sa araw na ito ay magiging _____ na po ako. Ako po ay _____ kapag ako po ay inyong tinatawag. Susundin ko rin po ang mga tuntuning inyong mga itinakda. Mahal na mahal ko po kayo.

A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang b _ t _ _ g 

m _ s _ n _ r _ n at m _ g _ l _ _ g



ay b _ y _ y _ ng Diyos

sa m _ g _ l _ ng.



I

Aralin

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang pagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagiging masunurin at magalang.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo kung napahahalagahan mo ba ang mga karapatang iyong tinatamasa. Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Tinatamasa kaya nila ang kanilang karapatan?



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay makapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga karapatang iyong tinatamasa tulad ng pagkain ng masusustansiyang pagkain at karapatang makapag-aral.

D

Ikaw ay mapalad sapagkat ikaw ay nakakapag-aral at nakakakain ng masusustansiyang pagkain. Ito ang ilan sa mga karapatang tinatamasa mo ngayon at marapat na iyong pahalagahan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa iyong sagutang papel, iguhit muli ang mga bituin. Kulayan ng **pula** kung ang gawain ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga karapatang iyong tinatamasa. Kulay **berde** naman ang ikulay kung hindi.

- ★1. Yuck! Sabi ko na nga, ayaw ko ng pagkaing may malunggay.
- ★2. Ang paborito ko pong pagkain ay mga prutas lalo na po ang saging at bayabas.
- ★3. Mama, ayoko na pong mag-aral. Mas gusto ko pong mag-tiktok.
- ★4. Kuya at ate, maaari po ba ninyo akong matulungan sa aking **performance task** bukas?
- ★5. Ako po ay malusog na, Tatay, kaya hindi ko na po kailangang kumain ng gulay.

Karapatan mo bilang bata ang mabigyan ng masusustansiyang pagkain. Karapatan mo rin ang makapag-aral. Ang mga karapatang ito ay nararapat mong pahalagahan.

Paano mo mapapahalagahan ang mga karapatang iyong tinatamasa? Halina't basahin at unawain ang kuwento nina Ana at Rod.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, sagutin mo isagawa ang mga tanong tungkol sa pagpapahalaga mong gagawin sa mga karapatang iyong tinatamasa sa bawat bilang.

Tagubilin sa Gabay: Kopyahin ang talaan sa ibaba sa sagutang papel. Basahin at itala ang naging sagot ng mag-aaral sa mga sitwasyon sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kung wasto o hindi wasto ang naging sagot ng mag-aaral sa bawat bilang.


Sitwasyon: Ano ang gagawin mo?	Sagot	Wasto	Hindi wasto
1. Ang nilulutong ulam ng iyong nanay ay gulay na monggo na may malunggay.			
2. Pinapatapos sa iyo ang mga gawain sa Math Modules .			
3. Gusto mo sanang maglaro ng paborito mong online game ngunit may online class ka.			
4. Ibinili ka ng prutas ng iyong tatay.			
5. Kailangan mong matapos basahin ang aralin sa Filipino Modules . Ngunit nakita mo ang paborito mong palabas sa TV.			


Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, kopyahin ang talaan sa iyong sagutang papel. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba.


Gawain	Madalas	Minsan	Hindi
1. Kumain ako ng gulay na luto ni nanay.			
2. Nag-aaral ako nang mabuti.			
3. Kumakain ako ng masusustansiyang pagkain.			
4. Nagbabasa ako palagi ng aking mga aklat.			
5. Uminom ako ng masusustansiyang inumin.			


A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Bilang b _ t _  karapatan mo ang

k_m_i_  ng masusustansiyang pagkain at

 m_k_p_g- _r_l. Kaya dapat mo

itong  p_h_l_g_h_n.


Pagsunod sa Utos ng Magulang

Aralin

I

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo kung paano maipakikita ang pagpapahalaga sa mga karapatang tinatamasa ng mga tulad mo. Iyong natutuhan ang ilan sa mga tulad ng pagkain ng masusustansiyang pagkain at pag-aaral nang mabuti.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang isang bagong aralin tungkol sa pagsunod sa utos ng mga nakatatanda sa iyo. Halina't tunghayan mo ang mga larawan sa ibaba. Ano ang masasabi mo sa mga ito?



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagsunod sa utos ng iyong mga magulang at nakatatanda sa iyo.

D

Ang pagsunod sa utos ng mga magulang at nakatatanda ay isa mga kahanga-hangang kaugalian ng mga Filipino.

Sinusunod mo ba palagi ang utos ng iyong mga magulang o ibang nakatatandang kasapi ng iyong pamilya?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, lagyan mo ng tsek (✓) ang bilang kung ang bawat pahayag ay nagpapakita ng pagsunod sa utos ng mga magulang at nakatatanda. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. Opo, inay. Ako na po ang sasama kina Lolo at Lola.
- ___ 2. Tatay naman. Ako na naman po? Maaari po bang si ate naman ang inyong utusan? Pagod pa po ako eh.
- ___ 3. Sige po, ate. Ako na po ang maghuhugas ng mga pinggan.
- ___ 4. **Dad**, si kuya po. Inuutusan na naman po ako. Pwede naman pong siya na ang gumawa.
- ___ 5. Opo, Lola. Ako na po ang maglalagay nito.

Pinagpapala ng Diyos ang mga batang masunurin sa mga magulang at nakatatanda. Ang pagsunod sa utos ng mga magulang at nakatatanda lalo na kung ito ay may pagmamahal ay isang kadakilaan at kabanalan. Maaari rin itong ituring na kabayanihan.



Kahit sa murang edad mo, ikaw ay maaari ng maging bayani o santo. Basta sundin mo lang lagi ang utos ng mga magulang mo at nakatatanda sa iyo. Ang mga utos nila ay pagsasanay at paraan ng pagdidisiplina para sa ikabubuti mo.


Basahin at unawain ang tula sa ibaba.

Batang Masunurin

JY Monterola

Ako si Lance Perry,
Isang batang masunurin.
Madalas napupuri,
Dahil utos nila'y kay bilis kong sundin.

Kapatid, nakatatanda o magulang,
Sila'y sinusunod ko.
Marapat na igalang,
Dahil sila'y mahal ko.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sagutin o isagawa ang bawat sitwasyon sa tulong at gabay ng iyong magulang o guardian.

Tagubilin sa Gabay: Kopyahin ang talaan sa ibaba sa sagutang papel. Basahin at itala ang naging sagot ng mag-aaral sa mga sitwasyon sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) kung wasto o hindi wasto ang naging sagot sa mga sitwasyon. Isulat ang pangalan at lagdaan bilang tagapagsuri.

Sitwasyon: Ano ang gagawin mo?	Sagot	Wasto	Hindi wasto
1. Inutusan ka ng nanay mo na magwalis sa loob ng bahay.			
2. Nakisuyo ang ate mo na ikaw muna ang magbabantay sa bunso ninyong kapatid.			
3. Pinapadiligan sa iyo ang alagang halaman ng iyong Tita.			
4. Inutusan kang paliguan mo ang alaga ninyong aso na si Blackie.			
5. Pinapakanta sa iyo ang paboritong awitin ng iyong tatay.			

Pangalan at Lagda ng Nagsuri

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, kopyahin ang talaan sa iyong sagutang papel. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba.

Gawain	Madalas	Minsan	Hindi
1. Sinusunod ko ang utos nina nanay at tatay.			
2. Masaya ako na tumutugon sa mga ipinag-uutos sa akin.			
3. Ginagawa ko ang pakiusap ni ate.			
4. Ayaw kong gawin ang utos ni kuya sa akin.			
5. Sinusunod ko ang utos ng matatanda sa akin.			

A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Pinagpapala ng Diyos

ang batang



m _ s _ n _ r _ n

sa mga m _ g _ l _ n _ g



at mga n _ k _ t _ t _ n _ a.

Pagpapanatili ng Kaayusan at Kapayapaan


Aralin

WEEK
5

I

Sa nakaraang aralin, nabatid mo kung paano maipakikita ang iba't ibang paraan sa pagsunod sa utos ng mga magulang at nakatatanda.

Ngayon naman ay malalaman mo ang mga paraan at gawain para sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa loob at labas ng inyong tahanan at paaralan. Masdan ang mga larawan sa ibaba. Paano nila ipinakita ang kaayusan at kapayapaan?




Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapakita ng mga paraan upang makamtan at mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa tahanan at paaralan. Halimbawa ng mga paraang ito ang tulad ng pagiging masaya para sa tagumpay ng ibang kasapi ng pamilya at ng mga kamag-aral, pagpaparaya, at pagpapakumbaba.

D

Ang susi ng kaayusan ay ang pagkakaroon ng mapagpasalamat na puso. Ang mapagpasalamat na puso ay laging masaya para sa tagumpay ng iba. Gayundin ang ugaling mapagparaya at mapagpakumbaba ay malaki ang naitutulong upang mapanatili ang kapayapaan sa loob at labas ng mga ating tahanan at paaralan.

Ikaw ba ay may mapagpasalamat na puso?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan mo ng tsek (✓) ang bilang ng larawan na nagpapakita ng mga paraan upang makamtam at mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa tahanan at paaralan. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Ang Diyos ay nananahan sa puso ng batang mapagpakumbaba. Ang pagiging mapagpakumbaba ay isang katangiang ipinagmamalaki ng mga Filipino.

Ito ay naipakikita sa pamamagitan ng pagiging masaya para sa tagumpay ng iba. Naipakikita rin ito sa pamamagitan ng pagpaparaya. Ang pagpaparaya ay pagbibigay-daan upang mauna ang iba. Ito ang mga positibong katangian ng mga Filipino. Isapuso at isabuhay mo ito.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Lagyan mo ng tsek (✓) ang bilang kung ang pahayag ay nagpapakita ng mga paraan upang makamitam at mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa tahanan at paaralan. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

- ___1. Ate, kayo na po muna ang maunang manood.
- ___2. Para 'yan lang ang napanalunan niya. Magaling ba 'yon?
- ___3. Ako po dapat ang mauna sa pila dahil ako ang pinakamaganda sa lahat.
- ___4. Masayang masaya po ako. Ang galing po talaga ng kaklase ko. Nanalo na naman po siya.
- ___5. Pasensiya ka na kuya, kung nasira ko po ang iyong bisikleta.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa iyong sagutang papel, kopyahin at gawin ang isang linggong talaan sa ibaba. Humingi ng gabay at tulong sa iyong magulang o guardian.

Mga gawain kung paano ko naipakita ang mga sumusunod:	Araw kung kailan ito naisagawa (hal. Lunes)
1. Pagiging masaya para sa tagumpay ng ibang kasapi ng pamilya at ng kamag-aral:	
2. Pagpaparaya:	
3. Pagpapakumbaba:	

A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang Diyos ay n _ n _ n _ h _ n



sa p _ s _  ng batang

m _ p _ g p _ k _ m b _ ba.



Pagtulong sa Pagpapanatili ng Kalinisan at Kaayusan sa Tahanan at Paaralan

Aralin

WEEK
6-7

I

Nabatid mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagpapakita ng mga paraan upang makamamtam at mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba.

Ngayon ay matututuhan mo naman ang pagtulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan at paaralan. Handa ka na ba? Pagmasdan at unawain ang mga larawan sa ibaba?



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapakita ng mga paraan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa loob ng tahanan at paaralan, tulad ng pagtulong sa paglinis sa tahanan at paaralan, at pag-iwas sa pagkakalat.

D

Ang pagiging malinis at maayos ay tatak na kaugalian nating mga Filipino. Bilang isang Filipino, ikaw rin ay inaasahang maging malinis at maayos.

Ikaw ba ay malinis at maayos sa iyong sarili? Tumutulong ka ba sa paglilinis sa bahay? Hindi ka ba nagkakalat?


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang larawan ay nagpapakita ng mga paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa tahanan at paaralan. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



“Cleanliness is next to godliness.”

Ang kalinisan ay kasunod sa pagiging maka-Diyos. Pinagpapala ng Diyos ang batang malinis at maayos.

Ang kalinisan ay kinakailangan upang makamit ang magandang kalusugan. Ang batang malinis at maayos ay makakaiwas sa mga sakit.



Upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa loob ng tahanan at paaralan kailangan mong tumulong sa paglilinis. Iwasan mo rin ang pagkakalat.

Basahin at unawain ang kuwento sa ibaba.

Ang Batang Mahilig Maglinis

JY Monterola

Ang batang si Farhan Mushin Fida ay ipinanganak sa isang pangkaraniwang pamilya. Siya ang bunso sa tatlong magkakapatid.

Si Farhan Mushin Fida ay isang masayahing bata at ang kaniyang paboritong gawin ay tumulong sa mga gawaing bahay tulad ng paglilinis ng kanilang tahanan.




Isang araw, nakita niya ang kaniyang ama na nag-aayos ng mga gamit sa kusina. “**Dad**, tutulungan ko na po kayo,” malambing na sabi niya sa kaniyang ama. “Oo naman. Ang bait talaga ng anak ko,” nakangiting pagpupuri sa kaniya ng ama.



Noong siya ay pumapasok pa sa paaralan, minsan ay nakita niyang maraming nakakalat na basura sa kanilang silid-aralan. “**Classmates**, ang bilin ng ating guro ay huwag tayong magkalat,” paalala niya sa kaniyang mga kaklase.



Pagkatapos ay kinuha niya ang walis at **dustpan**. Siya ay nagsimula nang maglinis. Kumuha rin ng walis at **dustpan** ang kaniyang mga kaklase. Sila ay masayang naglinis. Tuwang-tuwa naman ang kanilang guro nang sila ay makitang naglilinis.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kung ikaw si Farhan Mushin Fida, tutulungan mo rin ba ang iyong ama kapag nag-aayos ito ng gamit? Bakit?

2. Kung ikaw si Farhan Mushin Fida, sasabihan mo rin ba ang iyong mga kaklase na huwag silang magkakalat? Bakit?_____.
3. Maglilinis ka rin ba sa iyong **classroom** kung makita mong may mga kalat? Bakit?_____.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Iguhit ang masayang mukha (☺) sa bawat bilang kung ang mga sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan at paaralan. Iguhit naman ang malungkot na mukha (☹) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. Inay, ako na po ang mag-aayos ng higaan natin.
- ___ 2. Si Kuya talaga, ikinalat na naman ang mga laruan niya. Bahala siya diyan.
- ___ 3. Sir Grafil, ako na naman po ba ang maglilinis sa **classroom**?
- ___ 4. Tatay, ako na po ang magdidilig sa halamanan natin.
- ___ 5. Nakakainis naman. Ang dumi-dumi at ang kalat naman dito sa bahay. Bahala nga kayo.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, kopyahin ang talaan sa iyong iyong sagutang papel. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba.

Gawain	Madalas	Minsan	Hindi
1. Inaayos ko ang aking higaan pagkagising sa umaga.			
2. Tumutulong ako sa pagwawalis sa bahay.			
3. Ako ay naghuhugas ng mga pinggan.			
4. Ibinabalik ko sa lagayan ang mga ginamit kong laruan.			
5. Naglilinis ako ng aming bakuran.			




Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang pagiging m _ l _ n _ s **CLEANLINESS** at maayos

ay t _ t _ k  na kaugalian

ng mga F _ l _ p _ n _ .



Pagpapamalas ng Pagkamalikhain at Pagmamalasakit sa Kapaligiran


WEEK
8

I

Aralin

Sa nakaraang aralin ay nakapagpakita ka ng mga paraan kung paano makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa loob ng tahanan at paaralan para sa mabuting kalusugan.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo kung paano magmamalasakit sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagre-**recycle** ng mga lumang gamit. Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Ano ang napapansin mo?



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makagagamit ng mga bagay na patapon ngunit maaari pang pakinabangan.

D

Ang ating mundo at kalikasan sa kasalukuyan ay unti-unti nang nasisira at marami sa atin ang walang pakialam dito.

Ikaw ba ay may pakialam sa ating kalikasan? Mahal mo ba ang Inang Kalikasan (**Mother Earth**)? Nais mo ba itong matulungan?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan mo ng tsek (✓) kung ang bilang ng larawan na nagpapakita ng mga paraan upang magamit ang mga bagay na patapon ngunit maari pang pakinabangan. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. A woman asks a girl if she can share her old clothes. **Speech bubble:** "Nay, maari ko bang ibahagi itong mga luma kong damit?"

2. A man asks a boy if he can use old newspapers for planting. **Speech bubble:** "Itay, puwede po bang taniman ko ang mga ito?"


3. A woman asks a girl if she can use an old bottle as a flower vase. **Speech bubble:** "Ate, maaari niyo po ba akong turuan kung paano maging **flower vase** itong lumang bote ng **softdrinks**?"

4. A woman tells a girl to put old clothes in a pile. **Speech bubble:** "Nay, itapon na po natin itong mga luma kong damit. Ayaw ko na po silang makita."

5. A woman tells a boy to put old newspapers on his head. **Speech bubble:** "Nanay, itapon ko na po ito. Kalat lang po ito."

Biniyayaan tayo ng Poong Maykapal ng napakaganda at napakayamang kalikasan. Ngunit unti-unti na itong nauubos at nasisira dahil sa kakulangan ng pagmamalasakit dito.

Maaari pa nating mailigtas ang kalikasan. Isang paraan ay ang pag-**recycle** o paggamit muli sa mga bagay na patapon ngunit maaari pang pakinabangan. Ito ay isang magandang pag-uugali at pagmamalasakit sa kalikasan.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Iguhit sa bawat bilang ang masayang mukha (☺)kung ang gawain ay nagpapakita ng mga paraan upang magamit muli ang mga bagay na patapon ngunit maaari pang pakinabangan. Iguhit naman ang malungkot na mukha (☹) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. **Mommy**, bakit hindi po natin gawing bulaklak itong mga lumang papel.
- ___ 2. Tatay, lagyan po kaya natin ng mga tanim itong lumang gulong po ng sasakyan?
- ___ 3. Bakit ayaw ninyo pa pong itapon iyang mga **plastic bottle**? Kalat lang po ang mga iyan.
- ___ 4. Ayoko ng mga lumang gamit dito sa bahay. **Please**, itapon n'yo na po.
- ___ 5. Magandang gawin nating lalagyan ng mga lapis at krayola ang mga latang ito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng iyong magulang o **guardian**, kopyahin sa iyong sagutang papel ang talaan at lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba.

Gawain	Madalas	Minsan	Hindi
1. Tumutulong ako sa pagre- recycle .			
2. Tumutulong ako sa paghahanap ng mga bagay na maaari pang magamit at pakinabangan.			
3. Hindi ako kaagad nagtatapon ng mga gamit na sa tingin ng iba ay basura na.			

A

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ang pagre-r _ c _ c _ e



ay isang

magandang pag-uugali at

p _ g _ a _ a l _ s _ k _ t



sa k _ l _ k _ s _ n.





Susi sa Pagwawasto

Weeks 1-2			
Gawain sa Pagkatuto 1 1. pula 2. pula 3. berde 4. berde 5. berde	Gawain sa Pagkatuto 2 1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. ✓ 5. ✓	Gawain sa Pagkatuto 3 A D E	
Week 3	Week 4	Week 5	
Gawain sa Pagkatuto 1 1. berde 2. pula 3. berde 4. pula	Gawain sa Pagkatuto 1 1. ✓ 2. X 3. ✓ 4. X 5. ✓	Gawain sa Pagkatuto 1 1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. X	Gawain sa Pagkatuto 2 1. X 2. ✓ 3. X 4. ✓
Weeks 6-7	Gawain sa Pagkatuto 1	Week 8	
Gawain sa Pagkatuto 1 1. X 2. ✓ 3. X 4. ✓	Gawain sa Pagkatuto 3 1. ☹ 2. ☹ 3. ☹ 4. ☹ 5. ☹	Gawain sa Pagkatuto 1 1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. X 5. X	Gawain sa Pagkatuto 3 1. ☹ 2. ☹ 3. ☹ 4. ☹ 5. ☹

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.



References

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Department of Education. (2015). *Edukasyon sa Pagpapakatao Unang Baitang* (Kagamitan ng mag-aaral). Unang Edisyon. Pasig City: Department of Education Instructional Materials Council Secretariat (DepEd IMCS).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

